
DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

# Edukasyon sa Pagpapakatao

## Ikalawang Markahan – Modyul 5: Malasakit sa kasapi ng Paaralan at Pamayanan




ALTERNATIVE DELIVERY MODE
ADM

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Edukasyon sa Pagpapakatao – Ikalawang Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikalawang Markahan – Modyul 5: Malasakit sa Kasapi ng Paaralan at Pamayanan**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | |
|---|---|
| **Manunulat:** | Imelda D. Abis |
| **Patnugot:** | Nelson L. Oliva, Marie Ann C. Ligsay |
| **Tagasuri:** | Jose C. Tala, Feligena F. Bugay, Ariel C. Lansang, Rosalinda S. Ibarra, Joselita B. Gulapa |
| **Tagaguhit:** | Imelda D. Abis, Gamaliel R. Paz Jr. |
| **Tagalapat:** | Sweet Hazel E. Dordines, Jefferson R. Repizo |
| **Tagapamahala:** | Nicolas T. Capulong, Librada M. Rubio, Joselita B. Gulapa, Ma. Editha R. Caparas, Nestor P. Nuesca, Ariel C. Lansang, Feligena F. Bugay, Jose C. Tala |

**Inilimbag sa Pilipinas ng ________________________________**

**Kagawaran ng Edukasyon – Region III**

Office Address: Matalino St., Diosdado Macapagal Government Center,
Maimpis, City of San Fernando
Telefax: (045) 598-8580 to 89
E-mail Address: region3@deped.gov.ph

2

# Edukasyon sa Pagpapakatao

## Ikalawang Markahan – Modyul 5: Malasakit sa kasapi ng Paaralan at Pamayanan

DEPARTMENT OF EDUCATION

# Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.

# *Alamin*

Ang modyul na ito ay isinulat at idinisenyo upang mapaunlad ang iyong kaisipan at kasanayan sa pagmamalasakit sa kapuwa.

Pagkatapos ng araling ito, ikaw ay inaasahang:

1. Nakatutukoy ng mga kilos at gawaing nagpapakita ng pagmamalasakit sa mga kasapi ng paaralan at pamayanan (EsP2P-IIg-12)

2. Nakapagpapakita ng pagmamalasakit sa mga kasapi ng paaralan at pamayanan sa iba't ibang paraan (EsP2P-IIh-i-13)

Ang modyul na ito ay may dalawang aralin:

- Aralin 1- Pagtukoy sa mga kilos at gawaing nagpapakita ng malasakit sa mga kasapi ng paaralan at pamayanan

- Aralin 2 – Pagpapakita ng malasakit sa mga kasapi ng paaralan at pamayanan sa iba't ibang paraan

## Subukin

**Panuto:** Piliin ang angkop na gawain sa bawat sitwasyon. Isulat ang letra ng tamang sagot sa iyong sagutang-papel.

1. Naiwan ni Aling Rosing ang pinamiling gulay sa traysikel. Ano ang gagawin mo?
   A. Iuuwi sa bahay at ipaluluto kay nanay.
   B. Ipagbibili sa iba upang may dagdag kita.
   C. Ihahatid sa bahay ni Aling Rosing ang gulay.
   D. Hahayaan sa traysikel ang mga gulay.

2. Napansin mo na matamlay ang iyong kaklase kaya tinanong mo siya kung bakit siya matamlay. Ayon sa kaniya ay hindi pa siya nag-aalmusal. Ano ang pinakamabuti mong gawin?
   A. Aalukin ng pagkaing pabaon ng nanay mo.
   B. Sasabihan na lapitan ang guro upang isangguni ang suliranin.
   C. Papayuhan siya na sa susunod ay dapat siyang kumain bago pumasok.
   D. Dadalhin siya sa klinika ng paaralan upang mabigyan ng gamot.

3. May pangkatang gawain ang inyong klase. Kailangan ng mga materyales sa pagsasagawa nito. Napansin mo ang isang pangkat na kulang ang kanilang kagamitan. Sobra naman ang dala ng inyong grupo. Ano ang pinakamainam ninyong gawin?
   A. Hindi sila papansinin at magsisimula na sa paggawa upang matapos agad
   B. Isusumbong sila sa guro upang mapagalitan.
   C. Bibigyan ng materyales ang kanilang pangkat upang matapos nila ang gawain.
   D. Ipagbibili sa kanila ang sobrang materyales.

4. Katatapos mong lang basahin ang aklat tungkol sa inyong kasalukuyang aralin nang makita mo ang katiwala ng aklatan na may bitbit na isasaayos na mga aklat sa kabinet. Paano mo ipakikita ang iyong pagmamalasakit sa kanya?
   A. Lalabas na ng aklatan upang hindi maabala ang katiwala.
   B. Tutulungan siya sa pagbabalik ng mga aklat sa tamang lalagyan.
   C. Tatawagin ang kaklase upang tumulong.
   D. Hahayaan siyang magbalik ng mga aklat sapagkat iyon naman ang kaniyang tungkulin.

5. Nakaabot sa iyo ang balita tungkol sa mga pamilyang nasunugan sa inyong pamayanan. Sa iyong simpleng pamamaraan, paano mo ipakikita ang iyong pagmamalasakit sa kanila?
   A. Ipamamalita sa mga kaibigan ang pangyayari.
   B. Papayuhan sila na laging mag-ingat upang hindi na maulit pa ang sunog.
   C. Hahayaan ang mga opisyal ng inyong barangay ang gumawa ng hakbang.
   D. Iipunin ang mga damit na maaaring ibahagi sa kanila at bibigyan din sila ng makakain.

# Aralin 1 Pagtukoy sa mga Kilos at Gawaing Nagpapakita ng Malasakit

Ang pagpapakita ng malasakit sa mga taong bahagi ng ating paaralan at pamayanan ay isang kahanga - hangang gawain. May kakayahan ang batang tulad mo na makatulong sa kanila sa pamamagitan ng iyong mumunting paraan.

## *Balikan*

Ang paggawa ng mabuti sa kapuwa ay isang kapuri-puring gawain. Natalakay at naunawaan mo sa nakaraang aralin ang mga gawaing nagpapakita ng kabutihan sa kapuwa.

**Panuto:** Basahing mabuti ang mga pangungusap. Lagyan ng tsek (✓) ang bawat bilang kung ang pangungusap ay nagpapahayag ng paggawa ng mabuti sa kapuwa at ekis (x) kung hindi. Gawin ito sa iyong sagutang-papel.

_____1. Laging tinutukso ang nakababata mong kapatid ng kaniyang mga kalaro kaya madalas na umiiyak ito.

_____2. Nagbibigay ng donasyon sa organisasyon ng mga may kapansanan.

_____3. Binabahaginan ng pagkain ang kaklase na walang baon.

_____4. Isinasauli lamang ang bagay na hiniram sa kaibigan kung ito ay hinahanap na niya o kaya ay sira na.

_____5. Humihingi ng permiso sa guro kung kinakailangang lumabas ng silid-aralan.

Sa paggawa mo ng mabuti sa kapuwa ay nalilinang din sa iyo ang pagmamalasakit at pagbibigay halaga sa mga taong bahagi na ng iyong buhay o magiging bahagi pa lamang sa darating na panahon.

## *Tuklasin*

Basahin ang kuwento at tuklasin ang mga mumunting gawa o kilos ng tauhan na nagpakita ng pagmamalasakit at nagbigay halaga sa mga kasapi ng paaralan at pamayanan.

### Ang Batang Matulungin


ni Imelda D. Abis

"Magandang hapon, Anton," bati ni Mang Karding. "Magandang hapon din po, Mang Karding," sagot ng nakangiting si Anton habang sinasalubong ang papalapit na dyanitor ng kanilang paaralan. Iniabot niya ang plastik ng basura sa dyanitor. "Ang sipag mo talagang bata ka!" may paghangang bati nito. "Salamat po!" sagot ni Anton.

Habang papalayo si Anton ay inalala ni Mang Karding ang mga ginawa ng bata sa loob at labas ng kanilang paaralan sa araw na iyon.




Nakasabay at
inalalayan niya ang
matandang tumatawid.



Sinalubong niya ang
guro at binuhat ang
mga aklat.



Tinulungan siya ni Anton
sa paglilinis ng paaralan.




Nakibahagi rin siya sa
paglilinis ng silid-aralan.



Tinulungan din niya ang
hardinero sa pagdidilig
ng halaman.



Inalalayan ni Anton
ang kaklase na may
kapansanan pababa
ng hagdan.

**Panuto**: Sagutin ang sumusunod na tanong. Isulat ang letra ng iyong sagot sa sagutang-papel.

1. Ang sumusunod ay mga kasapi ng paaralan at pamayanan na tinulungan ni Anton, maliban sa isa.
   A. kaklase   C. guro
   B. dyanitor   D. tindera

2. Ano ang katangiang ipinamalas ni Anton na dapat tularan ng lahat ng bata?
   A. mapagmalasakit   C. magalang
   B. matulungin   D. lahat ng nabanggit

3. Alin sa sumusunod ang nagpapakita ng pagmamalasakit ni Anton sa mga kasapi ng paaralan at pamayanan?
   A. pag-alalay sa tumatawid
   B. pagbuhat sa mga aklat ng guro
   C. pagtulong sa paglilinis
   D. lahat ng nabanggit

4. Ano-ano ang mga kilos at gawain na ipinakita ni Anton?
   A. iba't ibang paraan ng pagsasagawa
   B. iba't ibang paraan ng pagbabahagi
   C. iba't ibang paraan ng pagmamalasakit
   D. iba't ibang paraan ng paghahanda

5. Ano kaya ang naramdaman ng mga kasapi ng paaralan at pamayanan na tinulungan ni Anton?
   A. humanga   C. nagulat
   B. nainis   D. kalmado

# *Suriin*

Mahalaga ang papel na ginagampanan ng bawat kasapi ng paaralan at pamayanan sa ating pang-araw-araw na pamumuhay. Bilang bahagi ng isang malaking pamilya, dapat lamang na sila ay ating pahalagahan, pagmalasakitan, at mahalin.


Ang mga taong nasa larawan ay ilan lamang sa madalas nating makasalamuha sa paaralan at pamayanan. Kilala mo ba sila?

**Panuto:** Pangalanan mo isa-isa ang bawat larawan. Piliin sa loob ng kahon ang sagot at isulat ito sa iyong sagutang-papel.

| | | |
|---|---|---|
| guro | doktor | tindero |
| basurero | *librarian* | dyanitor |
| *traffic enforcer* | nakatatanda | |



1.___________




2.___________



3.___________






4.___________ 5.___________ 6.___________





7.___________ 8.___________

Maraming mga kilos o gawain ang maaaring isagawa upang maipakita ang malasakit sa mga kasapi ng paaralan at pamayanan. Ito ay ang pagsasagawa ng iba't ibang paraan ng pagtulong sa kanila sa lahat ng pagkakataon. Tulad na lamang ng sumusunod na gawain:

1. Pagbabalik ng mga aklat na hiniram sa silid aklatan.
2. Pagsunod sa mga tuntunin ng paaralan.
3. Pagpila nang maayos kung bumibili sa canteen ng paaralan.
4. Paggalang sa nakatatanda.
5. Pagsunod sa batas trapiko.
6. Pagtulong sa paglilinis ng kapaligiran.
7. Pakikinig nang tahimik sa araling itinuturo ng guro.

8. Pagsunod sa payo ng doktor.
9. Pag-abot ng bayad ng katabing pasahero sa drayber ng dyip
10. Paglalabas ng mga basura sa takdang araw at oras ng pagkolekta nito.

Magbigay ka pa ng karagdagang gawain na madalas mong isagawa bilang malasakit at tulong sa kanila. Sa gabay ng iyong magulang pag-usapan ang iyong mga tugon at isulat mo ito sa iyong papel.

## *Pagyamanin*

**Panuto**: Iguhit ang masayang mukha ☺ kung ang gawain ay nagpapakita ng pagmamalasakit sa kasapi ng paaralan at pamayanan at malungkot na mukha ☹ kung hindi. Gawin ito sa iyong sagutang-papel.

_____1. Tinutulungan ang hardinero ng paaralan sa pagtatanim at pagdidilig ng halaman.

_____2. Pinagtatawanan ang mga batang nakasuot ng lumang uniporme sa paaralan.

_____3. Nagagalit sa kalabang grupo kung natatalo sa larong basketball.

_____4. Isinasama sa panalangin ang paggaling ng kaklaseng may karamdaman.

_____5. Nakikilahok sa proyektong ipinatutupad ng kapitan ng Barangay.

## Isaisip

**Panuto:** Tukuyin ang mga kilos na nagpapakita ng pagmamalasakit sa mga kasapi ng paaralan at pamayanan. Kung wasto ang gawain, isulat ang bilang ng pangungusap sa unang kahon at sa ikalawang kahon naman kung hindi. Sundan ang halimbawa. Gawin ito sa iyong sagutang-papel.

1. Magalang na kinakausap ang nars sa klinika.
2. Pinipintasan ang kaklase na nagbigay ng maling sagot.
3. Ipinagpapaalam sa guro kung liliban sa klase.
4. Pinapayuhan ang mga mag-aaral na iwasan ang pagpitas ng bulaklak sa hardin ng paaralan.
5. Nagkakait ng donasyon sa mga nasalanta ng bagyo.
6. Inaalalayan ang matandang kakilala sa pagtawid.

| Gawaing nagpapakita ng malasakit | Gawaing hindi nagpapakita ng malasakit |
|---|---|
| 1 | |

## *Isagawa*

**Panuto:** Buoin ang bawat pangungusap. Piliin sa loob ng kahon ang mga tamang salita na kukumpleto sa bawat sitwasyon. Maaari ring hingin ang gabay ng magulang at pag-usapan ang iyong sariling tugon kung mayroon. Isulat ito sa iyong sagutang-papel.

| | |
|---|---|
| magalang na babatiin | bibigyan mo siya ng damit |
| pulutin ang *folders* | pahiramin ng aklat |
| tulungan sa pawawalis | aalukin siya ng upuan |

1. Nahulog ang ilang dalang folders ng inyong punongguro kaya nilapitan mo siya upang _________.
2. Winawalis ng inyong kapitbahay ang ikinalat na basura ng mga ligaw na hayop sa inyong lugar kaya nilapitan mo siya upang ________________.
3. Napansin mo na matagal nang nakatayo ang isang nanay sa paghihintay sa paglabas sa klase ng kaniyang anak kaya naman _________________.
4. Nagsasagawa ng *medical mission* ang ilang doktor sa inyong barangay. Ikaw na ang susunod sa *check-up* kaya nilapitan mo ang doktor at ______________.
5. Nasunugan ng bahay ang isa mong kaibigan kaya naman __________.

# *Tayahin*

**Panuto:** Basahin at unawain ang sumusunod na sitwasyon. Sa iyong sagutang-papel, gumuhit ng apat na kahon sa bawat bilang tulad ng makikita sa ibaba. Iguhit ang bituin ☆ sa loob ng kahon na nagpapakita ng pagmamalasakit.

1. Pumito ang traffic enforcer bilang hudyat ng pagdaan ng sasakyan. Ano ang dapat mong gawin?
   - ☐ hahanap ng ibang matatawiran
   - ☐ hihinto at hihintayin muli ang hudyat sa pagtawid
   - ☐ mabilis na tatakbo upang makatawid agad
   - ☐ hihikayatin ang traffic enforcer na patawirin ka

2. Hindi sinasadya na nasagi mo ang iyong kaklase habang papalabas ka ng silid-aklatan. Paano mo maipakikita ang malasakit mo sa kaniya?
   - ☐ pagsasabihan siya na huwag haharang sa daan
   - ☐ itutuloy ang paglabas ng silid-aklatan
   - ☐ hihingi ng paumanhin sa kaniya
   - ☐ isusumbong siya sa katiwala ng silid-aklatan

3. Matapos kang bumili sa tindahan ay napansin mo na sobra ang sukli ng tindera. Ano ang gagawin mo?
   - ☐ babalik sa tindahan at isasauli ang sobrang sukli
   - ☐ itatago ang sukli at iipunin
   - ☐ ibibili ng kendi ang sobrang sukli
   - ☐ paghahatian naming magkapatid ang sukli

4. Tumalbog ang nilalaro mong bola sa bakuran ng inyong kapitbahay. Paano mo kukunin ang bola?
   - ☐ tatalon sa bakod upang makuha ang bola
   - ☐ uutusan ang kapatid na kunin ang bola
   - ☐ ipaaalam sa kapitbahay ang nangyari at hihingi ng permiso na makuha ang bola
   - ☐ hihintaying umalis ang kapitbahay at saka kukunin ang bola

5. Naglagay ng tatlong basurahan sa harap ng canteen ang dyanitor ng inyong paaralan. May pananda ang bawat lalagyan sa kung ano lamang ang maaaring itapon dito. Ano ang dapat mong gawin?
   - ☐ itatapon ang kalat sa ano mang lalagyan
   - ☐ paghihiwalayin ang basura ayon sa pananda
   - ☐ sa ibang basurahan na lamang magtatapon
   - ☐ hindi na magtatapon ng basura

## *Karagdagang Gawain*

**Panuto:** Basahin ang gawain sa bawat bilang. Isulat sa iyong sagutang-papel kung kailan mo ito ginagawa; palagi, paminsan-minsan, o hindi.

1. Tinutulungan ko ang aming guro sa pagpapanatili ng kalinisan ng aming silid-aralan.
2. Tinutulungan ko ang aming guro sa pagpapanatili ng kalinisan ng aming silid-aralan.
3. Pinahihiram ko ng lapis ang aking kaklase.
4. Binibigyan ko ng mauupuan sa pampublikong sasakyan ang matatanda na aking nakakasabay
5. Nagbibigay ako ng donasyon sa simbahan ng aming pamayanan.

| Aralin 2 | Pagpapakita ng Paraan ng Pagmamalasakit |
|---|---|

# Aralin 2: Pagpapakita ng Paraan ng Pagmamalasakit

Bawat kasapi ng ating pamayanan at paaralan ay mahalaga. Maipakikita at maipararamdam natin ang pagmamahal at pagmamalasakit sa kanila sa ating wastong gawain at pananalita.

## *Balikan*

Natutuhan mo sa Aralin 1 ang mga kilos at gawaing nagpapakita ng pagmamalasakit sa mga kasapi ng paaralan at pamayanan.

Panuto: Tukuyin kung tama o mali ang ipinakikitang gawain sa bawat sitwasyon. Gumuhit ng dalawang bilog sa bawat bilang sa iyong sagutang-papel tulad ng nakikita mo sa ibaba. Gamit ang lapis ay kulayan ang bilog na ⬤ angkop sa iyong tugon.

| Gawain | Tama | Mali |
|---|---|---|
| 1. Inaangkin ang napulot na lapis | ◯ | ◯ |
| 2. Nakikinig nang mabuti sa paliwanag ng guro | ◯ | ◯ |
| 3. Hinihintay ang hudyat ng traffic enforcer bago tumawid | ◯ | ◯ |

4. Pumapasok sa bakuran ng kapitbahay nang walang paalam ○ ○

5. Maayos na nagtatanong sa *saleslady* sa *mall* ○ ○

## *Tuklasin*

Basahin ang tula sa ibaba at tuklasin ang mga mumunting gawa o kilos ng may akda na nagpapakita ng malasakit at halaga sa mga kasapi ng paaralan at pamayanan.

### Handog ay Malasakit

ni Imelda D. Abis

Munti man sa paningin ng tanan
Ako naman ay maraming paraan
Paggawa ng mabuti aking nasimulan
Malasakit sa kapuwa ang aking dahilan

Magiliw sa kapitbahay lalo na sa kaibigan
Sa nakatatanda, paggalang ay laan
Sa lahat ng kasapi ng aking pamayanan
Handang tumulong kung kinakailangan

Angkop na kilos at gawain sa paaralan
Sa tuwina ay aking ipinararamdam
Guro, kamag-aral, maging kanino man
Kamay ay iniaabot walang pinagkakaitan

**Panuto:** Nasa ibaba ng word puzzle ang mga salita mula sa tula sa kasunod na pahina. Sa unang bilang ay mga katangian ng may akda at sa ikalawang bilang ay mga taong kaniyang pinagmalasakitan. Hanapin isa-isa ang mga ito. Markahan ng tsek (✓) ang patlang sa iyong sagutang-papel kung nakita mo na ang bawat salita.

| | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Q | H | B | Z | M | A | B | A | I | T |
| U | K | A | M | A | G | A | R | A | L |
| B | D | M | A | G | A | L | A | N | G |
| W | Y | K | A | I | B | I | G | A | N |
| M | A | T | U | L | U | N | G | I | N |
| K | E | U | C | I | Y | N | Q | P | E |
| G | U | R | O | W | O | P | S | C | Z |
| F | M | A | S | U | N | U | R | I | N |
| K | A | P | I | T | B | A | H | A | Y |

Salita:

1. ____ matulungin
   ____ masunurin
   ____ magalang
   ____ mabait

2. ____ kapitbahay
   ____ kaibigan
   ____ guro
   ____ kamag-aral

## Suriin

May kakayahan ang batang tulad mo na makatulong sa mga kasapi ng pamayanan at paaralan. Sa munti mong paraan ay maipakikita mo ang malasakit at pagmamahal sa bawat isa.

Tingnan ang larawan. Sa patnubay ng iyong magulang ay pag-usapan ito. Pagtuunan ng pansin ang kilos na nagpapakita ng malasakit sa iba.



Marami pang mga kilos at paraan ang maaari mong gawin upang maipakita ang malasakit sa mga kasapi ng paaralan at pamayanan, tulad na lamang ng sumusunod:

Para sa Kasapi ng Pamayanan

1. Pagsunod sa mga itinakdang patakaran
2. Pakikiisa sa mga inilunsad na gawain o adhikain
3. Pagiging magalang sa salita at gawa
4. Pagtulong sa nangangailangan

Para sa Kasapi ng Paaralan

1. Pagsunod sa mga patakaran at babalang nakapaskil sa loob ng paaralan.
2. Pag-unawa sa damdamin ng iba.
3. Pagtulong sa kaklase, guro, at iba pang kasapi ng paaralan.
4. Pakikibahagi sa mga proyekto ng paaralan.

## *Pagyamanin*

**Panuto:** Suriin ang bawat pahayag. Isulat ang **Tama** kung ang gawain ay nagpapakita ng malasakit sa kasapi ng pamayanan o paaralan at **Mali** kung hindi. Gawin ito sa iyong sagutang-papel.

____1. Ipinapakita ang pagiging isports manalo man o matalo sa laro.

____2. Masayang sinusunod ang payo at utos ng guro.

____3. Ipinagsasawalang-bahala ang panawagan ng lider ng barangay.

____4. Pinapayuhan nang tama ang mga kaibigang nag-aaway.

____ 5. Iniaasa sa namamahala ng canteen ang pagliligpit ng pinagkainan.

# *Isaisip*

**Panuto:** Hanapin sa loob ng kahon ang kasapi ng paaralan o pamayanan na matutulungan o mapahahalagahan mo sa mga gawain na nakasaad sa bawat bilang. Isulat ang tugon sa sagutang-papel.

| | | | |
|---|---|---|---|
| kaklase | dyanitor | pulis | tindera |
| basurero | | kapos-palad | |

______1. Paghuhulog ng donasyon na makikita sa mga mall sa inyong lugar.

______2. Paglalabas ng mga basura sa tamang oras.

______3. Pagpapahiram ng lapis o pagbibigay ng papel.

______4. Pagwawalis ng kalat sa pasilyo ng paaralan.

______5. Pagbabalik ng sobrang sukli.

## *Isagawa*

**Panuto:** Buoin ang bawat puso. Hanapin sa hanay **B** ang kabiyak na puso na nagpapakita ng pagmamahal at pagpapahalaga sa kasapi ng paaralan o pamayanan na nakapaloob sa kalahati ng puso sa hanay **A**. Isulat ang letra ng tamang sagot sa iyong sagutang-papel.

| Hanay A | Hanay B |
|---|---|
| 1. guro | A. iwasan ang pagkakalat |
| 2. hardinero | B. pumila nang maayos |
| 3. Tindera sa canteen | C. sundin ang utos |
| 4. street sweeper | D. tulungan sa pagdidilig |
| 5. Kaklasεng maysakit | E. dalawin |

## *Tayahin*

**Panuto:** Basahin at suriin ang bawat sitwasyon. Piliin ang nararapat na kilos o gawain at isulat ang letra ng tamang sagot sa iyong sagutang-papel.

1. Naiwang bukas ang gate ng inyong paaralan. Ano ang dapat mong gawin?
   A. Tatawagin ang guwardiya upang isara ang gate.
   B. Magkukusa na isara ito.
   C. Hahayaan itong nakabukas.
   D. Ipaaalam sa guro na bukas ang gate.

2. Ilang araw ng may sakit ang inyong dyanitor. Napansin mo ang maraming kalat sa paligid. Ano ang dapat mong gawin?
   A. Hindi papansinin ang basurang nakakalat.
   B. Tatawag ng mas malalaking mag-aaral upang ipalinis ang kalat.
   C. Pipilitin ang dyanitor na maglinis.
   D. Kukuha ng walis at lilinisin ang kalat sa paligid.

3. Nakita mo ang ilang bata na pinipitas ang mga bulaklak sa inyong hardin. Ano ang dapat mong gawin?
   A. Isusumbong sila sa kanilang mga guro.
   B. Gagayahin sila at pipitas din ng bulaklak.
   C. Pagsasabihan sila nang maayos na hindi dapat pinipitas ang mga bulaklak.
   D. Sisigawan sila upang tumigil sa kanilang ginagawa.

4. Nasalubong mo ang kapitbahay mong si Aling Lina na hirap sa pagbitbit ng pinamili niya sa palengke. Ano ang gagawin mo?
   A. Sasalubungin at tutulungang magdala ng kaniyang pinamili.
   B. Babatiin siya at tutuloy sa paglalaro.
   C. Tatawag ng kapitbahay upang tulungan si Aling Lina.
   D. Uuwi na lang ng bahay.

5. Ilang araw nang walang imik at malungkot ang kaklase mo dahil sa nami-*miss* nito ang mga magulang na nagtatrabaho sa ibang bansa. Ano ang pinakamabuti mong gawin?
   A. Hahayaan lamang siya at huwag abalahin.
   B. Iinterbyuhin siya at aalamin ang buong pangyayari.
   C. Lalapitan siya at pasasayahin.
   D. Iiwasan siyang makita upang hindi ka maabala.

## *Karagdagang Gawain*

**Panuto:** Suriin ang bawat pahayag. Piliin sa loob ng kahon ang iyong damdamin sa bawat sitwasyon. Iguhit mo ito sa iyong sagutang-papel.

| ☺ ☹ |
|---|

1. Nakita mo ang ilang kaibigan na pinagtatawanan ang isang batang may kapansanan.

2. Pinasalamatan ka ng iyong guro sa iyong ipinamalas na kabutihan sa loob ng klase.

3. Nagkasakit at hindi nakapasok sa klase ang iyong kaklase kaya naman nang dumating ang pagsusulit ay mababa ang nakuha nitong marka.

4. Matapos ang laro ay kinamayan mo ang mga miyembro ng nakalabang koponan.

5. Nagkukuwentuhan at nagtatawanan pa rin ang ilang mag-aaral sa loob ng silid-aklatan kahit ilang ulit na silang pinagsabihan ng katiwala ng silid-aklatan.

# Susi sa Pagwawasto

**Subukin**

Aralin 1

1. C
2. A
3. C
4. B
5. D

**Balikan**

Aralin 1

1. x
2. ✓
3. ✓
4. x
5. ✓

Aralin 2

1. Mali
2. Tama
3. Tama
4. Mali
5. Tama

**Tuklasin**

Aralin 1

1. D
2. D
3. D
4. C
5. A

Aralin 2

| 1. | 2. |
|---|---|
| ✓ | ✓ |
| ✓ | ✓ |
| ✓ | ✓ |
| ✓ | ✓ |

**Suriin**

Aralin 1

1. librarian
2. tindera
3. nakatatanda
4. traffic enforcer
5. dyanitor
6. guro
7. doctor
8. basurero

**Pagyamanin**

| Aralin 1 | Aralin 2 |
|---|---|
| 7. ☺ | 1. Tama |
| 8. ☹ | 2. Tama |
| 9. ☹ | 3. Mali |
| 10. ☺ | 4. Tama |
| 11. ☺ | 5. Mali |

**Isaisip**

Aralin 1

| 1 3 4 6 | 2 4 |
|---|---|

Aralin 2

1. kapos-palad
2. basurero
3. kaklase
4. dyanitor
5. tindera

**Isagawa**

Aralin 1

1. Pulutin ang folders
2. Tulungan sa pagwawalis
3. Aalukin siya ng upuan
4. Magalang na babatiin
5. Bibigyan mo siya ng damit

**Isagawa**

Aralin 2

1. A
2. D
3. B
4. A
5. E

**Tayahin**

Aralin 1

1. Hihinto at hihintayin muli ang hudyat sa pagtawid
2. Hihingi ng paumanhin sa kaklase
3. Babalik sa tindahan at isasauli ang sobrang sukli

**Tayahin**

Aralin 1

4. Ipaaalam sa kapitbahay ang nangyari at hihingi ng permiso na makuha ang bola
5. Paghihiwalayin ang basura ayon sa pananda

**Tayahin**

Aralin 2

1. B
2. D
3. C
4. A
5. C

**Karagdagang Gawain**

Aralin 1

- Sariling sagot

Aralin 2

1. ☹
2. ☺
3. ☹
4. ☺
5. ☹

# *Sanggunian*


DepEd Resources et al., "Grade 2 Teachers Guide | K to 12 Curriculum", Deped Resources, 2020, https://www.depedresources.com/grade-2-teachers-guide-k-to-12-curriculum/.

Guia-Biglete, Victoria, Maria Carla Mabulay- Caraan, Rolan Baldonado Catapang, and Isabel Monterozo-Gonzales. "Grade 2 LM". K12resources, 2020. https://k12resources.wordpress.com/k12-learning-materials/grade-2-lm/

Guia-Biglete, Victoria, Maria Carla Mabulay-Caraan, Rolan Baldonado Catapang, and Isabel Monterozo-Gonzales. K12resources.Files. Wordpress.Com. Accessed 14 July 2020. https://k12resources.files.wordpress.com/2013/11 /gr-2-esp-tg.pdf

Materials, Teaching, Reading Articles, and Be Contributor. "Most Essential Learning Competencies (MELC) KG to Grade 12 SY 2020-2021". Deped Click, 2020. https://www.deped-click.com/2020/05/most-essential-learning-competencies.html.

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph